

# Pagtutulungan ng DOH/Walgreens




## Background/Pangkalahatang impormasyon

Nakipag-tulungan ang Estado ng Washington sa Walgreens para makapaghandog ng **walang bayad at drive-thru na pagsusuri ng antigen o antigen testing ng BinaxNOW** para sa mga taong may sintomas ng COVID-19 o natukoy ng kanilang local na Departamento ng Kalusugan na nagkaroon ng malapitang pakikisalamuha\* sa taong nagpositibo sa test. Layunin namin ang gawing mas madaling makuha ang pagsusuri, na magresulta sa mas napapanahong medikal na pangangalaga at mas mababang pagkahawa sa komunidad sa mga lugar na mayroong mga kalahok na botika ng Walgreens.

**Inihahandog ang mga serbisyo para sa pagsusuri sa mga pasyenteng mag edad na 3 pataas, at kabilang ang:**

- **Mga Diagnostic Lab Test (PCR)** na may iba-ibang oras na paglalabas ng resulta
- **Mga Rapid Diagnostic Test (ID NOW)** na kayang maglabas ng resulta sa loob ng 24 na oras
- **Mga Rapid Antigen Test (BinaxNOW)** na kayang maglabas ng resulta sa loob ng 1 oras

Hindi makakapagbigay ang lahat ng lokasyon ng lahat ng opsyon sa pagsusuri. Makikita kung available sa registration site.



## Proseso

Maaaring mag-iskedyul ang mga miyembro ng komunidad ng kanilang pagsusuri sa pamamagitan ng pag-register sa website ng Walgreens. Kabilang sa proseso ng pag-register ang maikling palatanungan tungkol sa mga sintomas, maaaring nakasalamuha kamakailan, at kondisyong medikal. Pagkatapos matukoy ang kanilang kwalipikasyon, pipili ang mga pasyente ng lokasyon at oras para sa kanilang pagsusuri. Habang nasa loob ng lugar ng pagsusuri, lalapit ang mga kalahok sa drive-thru window gamit ang sasakyan o bisikleta at ipapakita ang kanilang ID at kumpirmasyon ng appointment. Gagamit ng nasal swab ang kalahok para personal niyang maisagawa ang pagsusuri.

Makikita ang registration page dito: <https://www.walgreens.com/findcare/covid19/testing>

## Halaga

**Wala itong bayad para sa mga magpapasuri.** Hihingiin sa mga pasyente ang impormasyon sa insurance ngunit makapagpa-test pa rin sila ng walang bayad kung wala silang insurance. Nagbibigay ang Walgreens ng iba't ibang uri ng mga pagsusuri sa COVID ng walang bayad, ngunit eksklusibong ginagamit ang pagsusuri ng antigen ng BixnaxNOW sa mga programa ng DOH.

## Karagdagang Impormasyon

Bilang pagkilala na maaaring maging hadlang ang pag-register sa online sa mga bulnerableng populasyon na naghahanap ng pagsusuri, hinihikayat ang mga lokal na medikal na hurisdiksyon at partner sa komunidad na tumulong sa pag-register kung maaari. Maaari ring gumawa ng mga appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa mga kalahok na botika, ngunit hindi ito ang ginugustong pagpipilian. Hindi available ang pag-register sa pamamagitan ng walk-in at hindi tatanggapin ng Walgreens ang mga pasyenteng lalapit sa tanggapan sa pamamagitan ng drive-thru window.

\*Ipinaliwanag ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit) na ang pagkakaroon ng "malapitang pakikisalamuha" ay kung kailan, "ang [i]sang tao ay nasa loob ng 6 na talampakan mula sa nahawahang tao sa loob ng kabuuang 15 minuto o higit pa sa 24 na oras na panahon mula sa 2 araw bago ang pagsisimula ng sakit."

## Mga Contact

Maaaring ibigay ang mga tanong at komento sa Department of Health:

Colin Maloney, Puno ng mga Estratehiya sa Pagsusuri o Testing Strategy Lead – [colin.maloney@doh.wa.gov](mailto:colin.maloney@doh.wa.gov)

Silvia Silvi, Tagapag-ugnay sa Mga Pakikipag-ugnayan para sa Pagsusuri o Testing Partnerships Coordinator – [silvia.silvi@doh.wa.gov](mailto:silvia.silvi@doh.wa.gov)

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa [civil.rights@doh.wa.gov](mailto:civil.rights@doh.wa.gov).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsusuri o testing

<https://www.doh.wa.gov/Emergencies/COVID19/TestingforCOVID19>

Washington State Department of Health